


Trafiko ng tao

Kayo ba ay biktima o may kakilala kayong biktima ng pagta-trafiko ?

Kun

batas sa pagtrafiko ng tao
istasyon ng polisyang paghuli at pagprotekta ng biktima
regional immigration bureau
espesyal na permiso sa pagpasok o residente
permiso
kung nais umuwi
kung nais manirahan
pagpapagamot
kooperasyon sa batas
mapauwi sa ligal na paraan ng IOM



● Biktima ng pagta-trafiko

Karamihan sa mga biktima ay ilegal na pumasok ng bansa na may palsifikadong pasaporte o kaya'y pumasok ng legal subalit hawak ng mga nagta-trafiko at sila ay pinapag-overstay.

Dahil sa lumalalang pagtatrafiko, gumawa ng pamamaraan ang pamahalaan upang ito ay mapuksa. Binago ang batas ukol dito at hinigpitan ang paglitis sa nasabing krimen. Gayunpaman, sa bagong batas, ang mga biktima ay hindi kakasuhan kundi sila ay poprotektuhan.

Kung kayo ay biktima ng pagtatrafiko, maari kayong magkunsulta o humingi ng proteksyon sa polisyang o sa regional immigration bureau.

● Bagong batas ng immigration bureau

Gawa ng bagong penal code, ang upisina ng imigrasyon ay gumagawa ng mga paraan para protektuhan ang mga biktima ng pagtatrafiko kaysa sila mapauwi bilang ilegal na imigrante.

Tanggapan para sa mga biktima

May babaeng opisyal na nakatalaga para sa mga babaeng biktima. Mayroon ding tagapagsalin sa inyong sariling wika.

Makakauwi sa madaling panahon

Kung ang biktima ng pagtatrafiko ay kusang sumuko ng upisina at nagnanais na umuwi ng sariling bansa, siya ay hindi kakasuhan ng krimen kundi tutulungang makabalik ng bansa.

Kundisyonal na pagtigil sa tanggapan

Ang mga biktima ng pagtatrafiko ay maaring mapanatili muna sa tanggapan o sa istasyon ng polisyang para sa pagtatanong at pagsisiyasat.

kayo ay biktima. . .

Ang pagtatrafiko ng tao ay pagre-recruit at pagdadala ng mga tao na ginamitan ng pagbabanta, lakas, o panloloko para magamit sa sapilitang pagtatrabaho, prostitusyon, o iba pang panggamit. Kung kayo ay biktima ng pagtatrafiko magtungo lamang sa polisya o sa regional immigration bureau. Kayo tutulungan para maprotektuhan.



Kadalasan, sila ay binibigyan ng parole dahil sa rin sa kanilang kalagayan at kalusugan.

Espesyal na permiso para manirahan sa Japan

Kung ang biktima ng pagtatrafiko ay nais manirahan sa bansang Hapon siya ay maaring mabigyan ng permiso upang manirahan kung :

- 1、 May dahilan upang siya ay manatili
- 2、 Kung siya ay may pamilya dito
- 3、 Bakit at papaano siya na-trafiko

Maari kayong makauwi sa ligal na paraan.

Kung nais ninyong makabalik sa sariling bansa sa mas madaling panahon, makikipag-ugnayan ang imigrasyon sa inyong bansa para makauwi sa ligal na paraan.

Ang bansang Hapon na isang mayamang bansa ay isa sa mga bansang nagiging target na lugar para sa destinasyon ng mga taong nata-trafiko. Karamihan sa mga biktima ay kababaihan at mga bata. Kung kayo ay may kakilalang biktima ng pagta-trafiko ipaalam lamang sa kanila ang bagong batas ng imigrasyon at para sila ay mabigyan ng proteksyon.

- Para sa mga may malilit na anak

Sistema sa pagbabakuna ng Measles at Rubella ay magbabago.

Ang sistema sa pagbabakuna ay magbabago mula Abril 1. Kung ang inyong anak ay hindi pa nababakunahan para sa measles (tipdas) o rubella, ipinapaalala na sila ay dalahin na sa health center. Ang mga batang maaring magbabakuna ay sisimulan ngayong Abril.

- Lumang sistema (hanggang Marso,31)
- Pagbabakuna / isang beses para sa measles at rubella
- Edad ng bata / 12 na buwan hanggang 7 taon at anim na buwan
- Bagong sistem mula Abril 1
- Pagbabakuna / 2 beses MR mix vaccine (measles • rubella pinaghalong bakuna)
- Edad ng bata /
 - <Una> 12 na buwan hanggang to 24 na buwan
 - <Ikalawa> 5 taon hanggang 7 taong gulang, isang taon bago pumasok ng elementarya hanggang sa mga huling araw bago pumasok elementarya (huling baitang sa kindergarten)

(Sa sistema sa ngayon, kinakailangang may apat na linggong pagitan sa pagbabakuna ng dalawang klase ng bakuna.)